Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
DIVISION OF CEBU PROVINCE
Sudlon, Lahug, Cebu City

July 15, 2013

DIVISION MEMORANDUM
No. 368 s. 2013

**STAGE PRODUCTIONS: "HINDI KASI AKO TAPOS. LANDAS, DAVID AND GOLIATH**

**To: OIC, Assistant Superintendents**
**Education Supervisors/Coordinators**
**District Supervisors/OICs**
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Attached is a letter from Mr. James W. Villafuerte, founder of Villa Teatro, inviting teachers, pupils and students to watch the stage productions entitled, "Hindi Kasi Ako Tapos. Landas, and David and Goliath".

2. Attendance to said activity is purely voluntary in nature.

3. Dissemination of this Memorandum is desired.

**ARDEN D. MONISIT, Ed. D.**
Schools Division Superintendent


Telephone Numbers:

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent: | (032) 255-6405 |
| Asst. Schools Division Superintendent: | (032) 414-7457 |
| Accounting Section: | (032) 254-2632 |
| Disbursing Section: | (032) 255-4401 |

Website: www.depedcebuprovince.ph
E-mail Add: depedcebuprovince@yahoo.com

Villa Teatro

June 18, 2013

**Dr. Arden D. Monisit**
**Superintendent, DepED Cebu**
**IPHO Bldg., Sudlon, Lahug**
**Cebu City**

**Dear Dr. Monisit,**

Greetings in the mighty name of **Jesus Christ.**

We have lined-up for the coming School Year 2013-2014 beautiful stage plays designed and mounted to support classroom education. Each of these plays is an enlarged and glamorized visual aid that is a product of laborious and collaborative efforts of professional artists and technical experts aimed at imparting knowledge, wisdom and values to its audience. It lays them the foundation necessary in the study of a particular subject matter, increasing their level of interest and awareness towards it, thus, making them understand it easier, faster and better.

For School Year 2013-2014, we are highlighting three stage productions for the students, **Hindi Kasi Ako Tapos, Landas and David and Goliath.** These plays are written in tune with the present times and for the present-day students.

Our first highlighted play is **Hindi Kasi Ako Tapos,** a contemporary play which would surely inspire your students to study more and be degree holders in the future. **Hindi Kasi Ako Tapos** is a standout play that penetrates deeply to the hearts of the students, making them realize all the more the value of education and the need to have it. It is an endearing story of high school friends, who, after ten years of not seeing each other, had a reunion. In this get-together, secrets will be revealed and will send all of them clashing with each other. But amidst all these troubles, two things were clearly evident – those who finished their studies are now living comfortable lives while those who didn't are suffering from hardships brought about by their inabilities to meet up with life's challenges because of lack of education.

The second is **Landas.** Its story spans 40 years. It begins in the 70' and winds up in the present times. **Landas** is a heartwarming drama that uplifts the spirit of the poor students. The play certainly gives hope to poor students to finish their studies even in their poor situations. It inspires these poor students, to walk the extra mile to attain their diplomas . . . hungry or thirsty.

The audience would be enthralled to see how the actors tackle their roles matter-of-factly. From teenagers the play shifts abruptly to reveal them in their 60's. But even during their old age, they still carry in their hearts the ill-feelings toward their teen years' rival-friends which even grew through the years.

*4th Floor, RCJ Building, Ortigas Ave. Ext., corner Countryside Ave., Pasig City, Tel. 487-8777, cp. 09179484225*

These two obras **Hindi Kasi Ako Tapos** and **Landas** have touched the lives of most who have seen it. Its audience, students and teachers alike, were able to relate their own plights and misfortunes with its beautifully-woven stories. Noticeably after the show, many were seen wiping their tears, obviously moved by the life-size drama they just witnessed. Everybody was one in saying ***"dapat pala talagang magtapos ng pag-aaral".***

The third highlighted play, **David and Goliath** is underlined for the younger students, especially for the elementary pupils. It essays the story of a great king who started as a shepherd boy and was eventually hailed as the greatest king of the chosen nation. It teaches love for God and for His creation. Goliath's greed for power by using his size and strength maybe compared to the present-day bullies in schools. Cases of bullying has grown in number over the years and must be given the necessary attention by school authorities. This play gives lessons to their kind, as they too, need care just like the bullied. *Please see enclosed synopses of the plays. Also enclosed is Deped Central Office Advisory # 81.*

In this regard we would like to request for inclusion in your advisories the plays that we are staging this School Year 2013-2014 as we would like your students to experience this inspiring form of learning. We believe that education or the inspiration to be educated can also be derived outside the confines of the classroom. Students would not only be treated to first class theater plays but their knowledge in the studies of important values, literature, history, culture and arts, music, etc. would also be enhanced. We would like to present these productions to your students this coming school year in a venue and date convenient to them and their principals. Ticket price is P150.

We look forward to your favorable reply and rest assured that we are in full support of DepED's programs.

May the blessing of our **LORD JESUS** be upon you, your office and the entire student population.

**God Bless.**

Very truly yours,

**JAMES W. VILLAFUERTE**
Founder

# HINDI KASI AKO TAPOS

(Synopsis)

Isang reunion ng magkakabarkada noong High School ang magaganap makalipas ang sampung taong di pagkikita. Ang huli nilang pagsasama-sama ay noong graduation pa nila.

Lahat ay may kanya-kanyang talino na ipinamalas noong sila ay nag-aaral pa. Ngunit hindi lahat sa kanila ay nagkaroon ng pagkaakataong makatanggap ng diploma. At yon ay dahil na rin sa kanilang kapabayaan sa pag-aaral.

Isa-isang magtatapat ang lahat sa kanilang mga naging karanasan noong high school. Isa-isang maaalis ang balot ng kanilang mga tinatagong lihim na dito lang pala sa reunion na ito maisisiwalat. Tuloy mauuwi ang kanilang usapan sa kung ano na ang mga katayuan at kung nasaan na sila sa kasalukuyan.

Matutunghayan ang maraming pinagdaanan ng bawat isa. Nariyan ang pagsisikap ng isang mahirap na mag-aaral upang magtagumpay pagdating ng panahon. Nariyan din ang pagkakaroon ng isa ng tinatawag na identity crisis at ang kanyang pagsusumikap na ilihim ito. Nariyan din ang isang anak-mayaman na pinalaki ng magulang sa layaw at ang madalas nitong pambubugbog sa asawa. Nariyan din ang pagmamaliit ng ama sa kanyang anak na hindi nakapagtapos dahil nag-asawa ng maaga kaya't kung ano-anong trabaho na lang ang pinasok. Nariyan din kung paano nagtapat at nagbago ang isa sa kanyang pagiging drug pusher. At nariyan din ang paghahalay sa isa ng kanyang step-father na nagtulak sa kanyang sariling ina na palayasin siya at dahil sa kakulangan niya sa pag-aaral ay nasadlak siya sa isang trabahong nakagisnan niya - isang makamundong trabaho. Ito'y mga issues o usaping madalas harapin ng maraming kabataan. Ito'y riyalidad at nangyayari sa tunay na buhay - maraming mag-aaral ang maaring maka-relate sa kuwentong ito. Kapansin-pansin na kung sino ang nakapagtapos ng pag-aaral ay maganda ngayon ang buhay. At kung sino naman iyong hindi ay nasa kanila pa rin ang hirap ng kapalaran.

Magtatapos ang dula na may luha ang bawat isa sa pagkamatay ng dalawa nilang kasamahan. Ngunit ang pagkamatay na ito ay magsisilbing aral sa kanila at magpapa-alala hanggang sa kanilang pagtanda kung gaano kahalaga ang pag-aaral. Kung kaya't ito naman ay kanila ngayong itinuturo sa kani-kanilang mga anak.

# LANDAS
## (Synopsis)

Isang kuwento ito na pupukaw sa damdamin ng manonood - kuwento ng tagumpay at pagkabigo, ng pag-ibig at pagseselos, ng kalabisan at kahirapan, ng patag na daan at matinik na landas.

Matutunghayan sa palabas ang kahirapan ng isa na naging ugat ng kakulangan niya sa kaalaman at naging dahilan upang siya ay manilbihan sa isang kaibigan. Andon sa pagtatanghal ang pagkikimkim ng isa ng isang matinding selos na nagtulak sa kanya na kamuhian ang kaibigan hanggang sa kanilang pagtanda. Naroon ang pangarap ng isa na maiahon lang ang sarili sa hirap ay tutuntong sa tagumpay ng iba. Makikita rin dito ang mithiin ng isa na may mapurol na ulo ng isang simpleng buhay lamang. At mamamalas ang hangarin ng isa na muling pag-ugnayin ang pagsasama ngunit sa kakulangan ng katapatan ay aayon din sa pagsupil ng katotohanan.

Katatapos lang ng final exams ng mga fourth year high school students. Ang mga magkakaklase at magkakaibigang sina Rainier, Orly, Patrick at ang magkasintahang si Michael at Agnes ay nagkatipon-tipon sa school grounds, nagkukuwentuhan, nagdidiskusyon at kinakantiyawan si Patrick ng blowout dahil kaarawan nito. Kaya di pa natatapos ang kanilang mainit na pagtatalo ay nagpasyang mag-blowout ng pansit si Patrick para na rin humupa ang mainit na usapan. Galit si Rainier kay Michael dahil ito'y nangopya sa kanya. Hindi ito nagpaawat at tuluyang umalis. Hindi ito ang huli na magpapakita ng galit si Rainier kay Michael. Dadalhin niya ito hanggang pagtapos ng kanilang graduation na ilang linggo na lamang ay gaganapin na.

At lumipas ang panahon. Ilang taon pa'y nagsama na rin sa isang bubong sina Agnes at Michael. At makalipas ang ilan pang taong pagsasama ay nanganak si Agnes ng isang batang lalaki, si Danny. Hindi naglaon ay nakipaghiwalay si Agnes kay Michael dahil hindi na matiis ng una ang labis na paghihikahos nila sa buhay. Iniwan niya ang noon ay sanggol pa lamang na si Danny kay Michael at sumama ito sa matagumpay, mayaman at matalinong si Rainier.

Nalugmok sa kalungkutan at labis na kahirapan ang mag-ama. Hindi siya pinalad na makahanap ng trabaho kaya nauwi siya sa paghahanap ng makakain sa basurahan. Mula noon ay ito na ang kinabuhay ng mag-ama. Sa basura niya binuhay at iginapang ang pag-aaral ng napakatalinong batang si Danny.

At lumipas pa ang higit dalawampu't limang taon ay nagkrus muli ang landas ng magkakaibigan. Kaarawan noon ni Patrick, kumpleto na naman ang buong barkada sa kanyang birthday party. Tulad ng unang pagtitipon, ito ay muling naging magulo. Nagkaroon na naman ng mainitang pagtatalu-talo ang magkakaibigan na pinangunahan ni Rainier hanggang sa mabaril nito si Michael. Sa kabutihang palad ay hindi napuruhan ng bala si Michael.

Sa labis na pagkaawa sa ama ay nagpasya si Danny, na ngayon ay isa nang ganap na abugado, na bigyang katarungan ang sinapit ng kanyang ama sa kamay ni Rainier na isa ring abugado at nagmamay-ari ng law firm na siyang pinagtatrabahuhan ni Orly bilang gwardiya.

Sa araw ng pagdinig ng kaso, kung anu-anong hindi makatotohanang kuwento ang tinahi-tahi nina Rainier, Agnes at Patrick, na siyang naging abugado ni Rainier, ang ipinrisinta sa korte. Nakita ng hukom na mababaw ang iprinisintang mga testimonya ng kampo ni Rainier sa korte. Sa paningin ng karamihan ay mananalo si Michael at Danny sa kaso. Malaki na sana ang pag-asang manalo sa kasong frustrated murder sina Michael at Danny nang sa huling araw ng pagdinig ng kaso ay nagpasya si Michael na iurong na lamang ang kaso laban kay Rainier. Sa araw ding iyon ay sasambulat ang isang katotohanan, isang matagal ng lihim na ikagigimbal ng lahat na nasa korte kasama na rin ang mga nanonood. Tunghayan ang dramang ito nang tunay na buhay at namnamin ang makabuluhang pangingilid ng luha mula sa inyong mga mata at ang tuluyang pagdaloy nito sa inyong mga pisngi.

***(Note: Ang mga pangalang ginamit sa synopsis ng Landas ay maaaring mapalitan sa mismong pagtatanghal).***

# DAVID AT GOLIATH (For Elementary Pupils)

## (Synopsis)

Ang David at Goliath ay kuwento ni King David-- ang pinakasikat na hari sa kasaysayan ng Israel. Isang humble servant ng Diyos na nagsimula bilang shepherd hanggang sa siya'y tawagin ng Diyos upang mamuno sa chosen nation ng Panginoon.

Ang kuwento ay magsisimula sa panahong nasa ilalim ng pagdarahop ang Israel sapagkat ang kasalukuyang Hari ng mga panahong iyon ay si King Saul—ang unang taong pinili ng Diyos upang maghari sa Israel na noong una ay maka-Diyos ngunit hindi naglaon ay binalot ng pagkasakim ang kanyang puso at tuluyan nang napalayo sa Panginoon.

Si Samuel ang prophet ng mga panahong iyon. Alam niya ang nagaganap sa bansang Israel at tulad rin ng nakararami ay nangangarap rin na magkaroon ng bagong haring mamumuno sa kaniya. Dumating na ang araw ng pagpili sa hinirang na Hari at ang napili ay ang bunsong anak ni Jesse na si David—isang bata, guwapo, malakas, humble, talented (musician siya) at higit sa lahat matuwid at nagmamahal sa Panginoon. Hindi muna pumailanlang sa pagkahari si David bagkus ay dumaan muna siya sa maraming pagsubok , paghihirap at paghihinagpis mula sa isang pagiging simpleng pastol ay naging isa sa lingkod ni Saul sa kanyang tahanan. Doon niya naging matalik na kaibigan ang anak na lalake ni Haring Saul na si Jonathan. Ang pagsikat ni David sa Israel ay nagsimula nang makalaban niya at mapatay ang higanteng mula sa Filisteo na si Goliath. Simula noon ay naglingkod na si David bilang pinuno ng sandatahan ng Hari. Naging sikat noon si David dahil lahat ng kanyang pinamunuang pakikidigma ay nagtagumpay kung kaya't naging simula ito ang matinding paninibugho ni Haring Saul sa batang si David. Simula noon wala nang naging pangako sa sarili si King Saul kung hindi mapatay si David upang mawala na ito sa kanyang landas. Hindi nagtagumpay si Haring Saul sa kanyang maitim na balak hanggang sa dumating ang panahon na siya at ang kanyang anak na si Jonathan ay mamatay sa pakikidigma. Tuluyan na ngang naging hari si David ng Israel tulad nga ng ipinangako sa kanya ni Lord.